

Gumawa ang Pamahalaan ng "deklarasyon sa pagsusuri kaugnay ng paghihigpit (restriction-testing declaration)" at naglabas ng paunawa ng sapilitang pagsusuri para sa tinukoy na "hinigpitang lugar (restricted area)" sa Yau Ma Tei

\*\*\*\*\*

Ngayong araw, (ika-26 ng Enero) ginamit ng pamahalaan ang kapangyarihan sa ilalim ng Regulasyon ng Pagpigil at Pagkontrol ng Sakit (Sapilitang Pagsusuri para sa Ilang Tao) (Cap. 599J) na gumawa ng isang "deklarasyon sa pagsusuri kaugnay ng paghihigpit" (deklarasyon) epektibo simula 7pm, kung saan ang mga tao (mula dito ay tatawaging "mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri") sa loob ng tinukoy na "hinigpitang lugar" sa Yau Ma Tei (i.e. 9-27 Pitt Street at 3 Tung On Street. Tingnan ang Annex.) ay kinakailangang manatili sa kanilang mga lugar at sumailalim sa sapilitang pagsusuri alinsunod sa kaayusan ng Pamahalaan. Ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay kinakailangang manatili sa kanilang mga lugar hanggang sa ang lahat ng kinilalang mga tao sa lugar ay sumailalim na sa pagsusuri at tiyak na ang karamihan ng resulta. Nilalayan ng Pamahalaan na ipatupat at tapusin ang gawaing ito ng 6am bukas (ika-27 ng Enero), upang makamit ang hangaring zero na kaso sa distrito sa pamamagitan ng pinagsamang pagsisikap.

Sinabi ng tagapagsalita, "Sa ilalim ng Cap. 599J, ang Pamahalaan ay maaaring, ayon sa mga pangangailangan ng pagkontrol ng impeksyon, gumawa ng deklarasyon sa pagsusuri kaugnay ng paghihigpit."

"Ang Pamahalaang ay nagpalabas ng mga paunawa sa sapilitang pagsusuri hinggil sa 15-27 Pitt Street at 3 Tung On Street. Gayunpaman, ang mga pagsiklab sa lugar ay nanatiling malubha. Mula ika-11hanggang ika-25 ng Enero, 2021, higit sa 40 kumpirmadong mga kaso ang naitala sa banggit na mga lugar, na kinasasangkutan ng tatlong mga gusali. Ang Sentro para sa Pangangalaga ng Kalusugan (Center for Health Protection) ay inilikas ang ilang mga residente na naninirahan sa Pitt Street sa loob ng 'pinaghihigpitan na lugar' sa sentro ng kwarentina nang mas maaga. Nag-aalala ang mga residente sa sitwasyon. "

"Alam namin na ang mga gusaling iyon sa 'pinaghihigpitan na lugar' ay medyo luma at kulang sa pagpapanatili, at marami sa 'mga gusaling walang wastong pamamahala' (three-nil buildings). Karaniwan ang mga pinaghati-hating mga yunit at ang panganib sa impeksyon sa pamayanan ay medyo mataas. Ang mga sampol na natagpuan sa padaluyan ng maruming tubig sa mga nauugnay na mga gusali ay nagpositibo sa pagsusuri, na nagpapahiwatig ng posibleng panganib sa impeksyon. Pagkatapos ng pagtatasa ng peligro, sa palagay namin kinakailangan na maglabas ng isang deklarasyon sa pagsusuri sa paghihigpit para sa 'pinaghihigpitan na lugar' upang masira ang kadena ng transmisyon sa distrito at alisin ang pag-aalala ng mga residente sa distrito. "

Ang Pamahalaan ay magtatayo ng pansamantalang istasyon sa pagkolekta ng spesimen sa "hinigpitang lugar" at hilingin sa mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri na magpasuri bago mag hating-gabi ngayong araw. Ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay aayusing papangkat-pangkat na magpasuri sa nucleic acid sa mga istasyon sa pagkolekta ng spesimen kung saan ang mga itinalagang kawani ay kukuha ng mga sampol sa pamamagitan ng pinagsamang swab para sa ilong at lalamunan. Ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay dapat manatili sa lugar ng kanilang tirahan hanggang sa matiyak ang lahat ng mga resulta upang maiwasan ang peligro ng pagkakahawaan. Ang Pamahalaan ay mag-aayos ng pinto-sa-pintong pagkokolekta ng spesimen para sa mga taong may kahirapan sa pagkilos at mga matatanda, kabilang ang mga nasa tahanan ng matatanda sa distrito, o gumawa ng pag-aayos upang sariling kumuha at magbalik ng spesimen mula sa laway sa ilalim ng lalamunan.

"Nauunawaan namin na ang gawaing ito ay magdudulot ng abala sa publiko. Ang Pamahalaan ay gumawa ng mga kaayusan para sa sapat na mga mapagkukunan sa pagsusuri upang magsagawa ng pagsusuri para sa lahat ng taong nasa 'hinigpitang lugar' sa lalong madaling panahon at sa gabi pagkatapos ng karamihan sa mga tao ay nakauwi na galing sa trabaho. Ang layunin ay sikaping matapos ang pagsusuri sa lahat ng kinilalang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri at kumpirmahin ang resulta, at tapusin ito bukas ng 6am na may pananaw na pahintulutang magtrabaho ang mga residente bandang 6am. Ang Pamahalaan ay gagawa ng pahayag sa publiko kapag opisyal na mapapawalang-bisa ang deklarasyon. Sa kaso kung saan ang mga empleyado ay hindi makapasok sa trabaho dahil sa deklarasyon, umaasa ang Pamahalaan na ang kanilang mga tagapag-empleyo ay gagawa ng mabuting pagpapasya at hindi magkakaltas ang sahod o benepisyo mula sa mga empleyado.

Sa nakalipas na linggo, higit sa 7 000 katao na ang nagpasuri sa mga sentro ng pagsusuri sa Jordan. Pinasalamatang ng Pamahalaan ang mga nagkusang sumailalim sa pagusuri. Gayunpaman, upang masira ng tuluyan ang kadena ng transmision sa distrito ng Yau Ma Tei, sa palagay namin kinakailangan na gumawa ng isang bagong deklarasyon para sa iba pang mga lugar sa distrito kung saan mas mataas ang panganib sa impeksyon. Ang mga taong sumailalim sa nakaraang pagsusuri, kasama ang pagsusuri sa ilalim ng sapilitang mga pagsusuri, bago ang bisa ng deklarasyon ay kinakailangan pa ring sumailalim muli sa pagsusuri. "

Upang mapanatili ang serbisyo publiko at sa emergency sa loob ng "hinigpitang lugar", ang Pamahalaan at ang kaugnay na nagtatrabahong kawani (tulad ng mga opisyal sa pangangalaga ng kalusugan at iba pang mga opisyal ng Awtoridad ng Ospital, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa pagsusuri na kinuha ng Pamahalaan, mga tagapagkaloob ng serbisyong paglilinis at mga miyembro ng kawani ng mga tahanan sa pangangalaga ng mga matatanda atbp.) ay pinahihintulutang pumasok at lumabas sa "hinigpitang lugar" sa kundisyon na ang personal na impormasyon at mga kontak ay ibibigay, at pati na rin ang pagsunod sa mga ilang mga tagubilin sa pagkontrol ng pagkakahawaan (kabilang ang pagsusuri bago lumabas sa "hinigpitang lugar" na hindi kinakailangang maghintay sa resulta ng pagsusuri).

Ang Pamahalaan ay naghanda ng simpleng mga pagkain at kasangkapan sa paglilinis para sa mga residenteng hinigpitan ng deklarasyon. Ang Kagawaran ng Home Affairs ay naglagay ng hotline (Telepono: 2572 8427) at isang nakalaang hotline (Telepono: 3755 6816) para sa mga Etniko Minorya. Ang mga serbisyo ng hotline ay magsisimula ng operasyon mula 7pm ngayong araw para sa mga residenteng hinigpitan ng deklarasyon upang gumawa ng mga katanungan at humingi ng tulong. Ang Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan ay magbibigay rin ng tulong sa mga taong naapektuhan.

Nauunawaan ng Pamahalaan na nag-aalala at nababahala ang mga residente ng distrito dahil sa pagtaas ng mga kumpirmadong kaso sa mga nagdaang araw. Dahil sa epidemya, ang kanilang hanapbuhay ay malubhang naapektuhan dahil ang mga kalakalan sa lugar ay tinamaan nang husto at natigil. Umaasa ang Pamahalaan na ang pansamantalang abalang ito ay ganap na puputol sa patuloy na pagkakahawaan at maibsan ang pag-aalala at takot ng mga residente, upang magkaroon ulit sila ng kumpiyansa sa pagpapatuloy ng mga gawaing panlipunan at kalakalan sa lugar, at bumalik sa normal na buhay.

Ang Pamahalaan ay umaapela sa mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri sa kanilang

ganap na pakikipagtulungan sa pamamagitan ng pagpapatala at pagpapasuri, at matiyagang naghihintay ng resulta sa bahay. Ang sinumang taong hindi tumupad sa deklarasyon sa pagsusuri kaugnay ng paghihigpit ay nagkamit ng pagkakasala at maaaring pagmultahin ng pinakamataas na multa antas 4 (\$25,000) at pagkabilanggo ng anim na buwan.

Katapusan/Sabado, ika-26 ng Enero 2021

Inilabas sa HKT 21:44

Tagalog